# SUNGKITIN PABALIK ANG NAKALIPAS

Madalas kong marinig sa aking mga magulang na nagagalak raw sila at lumalaki akong mabait, magalang, mapagmahal at may well-rounded personality. Hindi lamang daw sa aming tahanan ako natututo. Nagpapasalamat sila sa pinapasukan kong paaralan sapagkat nahuhubog nang husto at maayos ang aking pagkatao. Patunay daw rito ang nakakamit kong mga parangal hindi lamang sa larangan ng academics kundi pati na rin sa Sports at Religion.  Ang sabi pa ng biggest fan at best friend ko (ang Mommy), magaling din akong kumanta (dahil mana ako sa kanya). Sa madaling salita, ang saya- saya!

Naniniwala na sana ako sa mga sinasabi ng aking mga magulang, hanggang isang araw sa maikling pagsusulit sa Grade 11 ICT ay pinaguhit kami ng aming guro ng sariling reaksyon o repleksyon sa isang ibinigay na sitwasyon. Naku po! Drawing! Surrender ang powers ko rito. Kung sana'y pinagawa na lang kami ng tula, o ng powerpoint kaya. Nagdasal ako…Lord, tulungan Mo po ako. Nang mga sandaling iyon, gusto ko na lang lumipad papalayo. Darna, pahiram ng bato! True enough, nakakuha ako ng markang 1 out of 5. Nang una ko itong makita, hindi ko nagawang malungkot at sa halip, ako ay napabungisngis. Akalain mo ba naman kasi, binura pa ni Madam ang nauna niyang markang 3 at ginawang 1 na lang. Sa pakahulugan ng markang 1 ay sinasabi lang naman na ako raw ay "WALANG artistic ability whatsoever…" As in! Nang ipakita ko kay Mommy ang resulta ng pagsusulit, halata ko na naninigas ang kanyang mga panga at labi sa pagpipilit niyang hindi magpakita ng anumang emosyon…"Anak, bakit naman kasi may mga taong toothpick dito?" Sabay kaming tumawa nang tumawa nang pagkalakas-lakas! Hmmn….Sa loob-loob ko, kahit nagbabalak akong maging

isang doktor, MAGPAPAKADALUBHASA AKO sa ARTS! Sisimulan ko ngayong bakasyon… NOW NA!

Sa unang bahagi ng buwang ito ng Abril ay naglakbay kami ng aking mga magulang papuntang Hilagang Luzon. Bago kami tumuloy sa Alaminos, Pangasinan, dumaan muna kami sa Clark sa Pampanga upang mapasok at maikot ang Nayong Pilipino. Bagama't napakainit nang panahong iyon, lubha kaming nasiyahan sa aming pamamasyal lalo na nang may lumapit sa amin na katutubong taga-Cordillera. Nakabahag at nakayapak, sinamahan niya kami sa pag-iikot sa kung saan makikita ang Kalinga, Apayao at Ifugao Village. Mistula siyang tour guide na nagpaliwanag kung ano ang pagkakaiba ng mga ito. Pinapasok din niya kami sa mga bahay na para bagang nakapatong sa apat na nakatayong matataas na putol ng malaking puno ng kahoy, na may nakahambalang na pabilog na bahagi na nagsisilbing *rat guard* ayon sa aming bagong kaibigan. Kinailangan naming umakyat sa mataas at matarik na hagdan upang aming mapasok ang kakaibang kubo ng mga taga-Cordillera kung saan may mga nakasabit na katutubong kasuotan, at may mga nakaangat na buslo ng bigas. Pakiramdam ko tuloy ay kasama ako sa cast ng popular na teleserye noon ng GMA, ang AMAYA (napanood ko ang kabuoan nito sa Fox Filipino channel sa cable TV noong nakaraang bakasyon). Inikot din namin ang Aeta Village kung saan may makikitang rebulto ng isang katutubong Ita, at inukit na pana o panudlang gamit sa pangangaso't pangingisda. Sa ibang dako naman ay namalas namin ang naggagandahang bantayog patungkol sa mga alamat sa iba't ibang panig ng bansa, kagaya ng "Alamat ni Maria Makiling" na ukol sa diwatang tagapagbantay ng Mount Makiling sa Laguna; ang "Alamat ni Maria Cacao" na ukol naman sa diwatang tagapagbantay ng Mount Lantoy at

ng mga cacao na pananim sa Cebu; gayundin ang “Alamat ni Maria Sinukuan” na tumutukoy naman sa diwatang tagapagbantay ng Mount Arayat sa Pampanga. Ang mga ito ay nagpasalin-salin na sa maraming henerasyon, na patuloy na kumikiliti at kumukurot sa imahinasyon at damdamin ng mga bata pati na rin ng mga matatanda. Bago kami tuluyang lumisan, magiliw na ipinakita sa amin ng isang katutubo ang inuukit niyang mga lilok na gawa sa kahoy, habang siya ay patuloy na ngumunguya ng nga-nga, at kamuntik-muntikan pa akong mahagip ng kanyang panaka-naka at sumasagitsit na pagdura. Ano pa’t sa maliit na Nayong Pilipino sa Clark, napagtanto kong natatangi nga pala ang ganda ng ating bansa, at tunay na napakayaman ng ating kultura at panitikan. Higit kong namalas ang kariktan ng ating bansa nang kami ay nagpapalipat-lipat na sa maliliit na pulo na bumubuo ng Hundred Islands sa Lucap, Lungsod ng Alaminos, Pangasinan. Nakamamanghang isipin na iisang bansa nga ang Pilipinas, ngunit sadyang napakarami ng mga isla rito. Isa ito sa mga dahilan kung bakit marami tayong pagkakaiba sa mga paniniwala, tradisyon, kaugalian, pamumuhay, maging sa pagkain. At hindi lamang iisa ang gamit nating salita. Sa katunayan, mula sa pinanggalingan naming lungsod ng Iriga sa Bicol, mauubos marahil ang mga daliri ko sa kamay sa pagbibilang ng mga lengguwaheng gamit sa mga lugar na nadaanan namin: Rinconada dialect sa Iriga, Baao at Bula ng Cam. Sur; purong Bicolano sa lungsod ng Naga; magkahalong Bicolano at Tagalog sa Del Gallego; Tagalog sa Quezon at Laguna; Batangueño sa Batangas; Tagalog muli sa Maynila; Kapampangan sa Pampanga; Kapampangan, Ilokano at Tagalog sa Tarlac; at Pangasinense sa Pangasinan. Pagtuntong namin sa Pampanga ay wala na kaming maintindihan maliban na lamang kapag nagta-Tagalog ang kausap namin. Lubha rin kaming nahirapang maunawaan

ang Ilokano at Pangasinense. Ngunit sa kabila ng lahat, nakatutuwang mapakinggan ang nagkakaibang taginting at indayog ng mga wikang nasambit.

Sa aming paglalakbay pabalik, tumigil muna kami sa Maynila upang madala ako ng mga magulang ko sa Unibersidad ng Santo Tomas na isa sa pinakamagagandang paaralan sa medisina (dito nagtapos ng B.S. Biology ang Daddy ngunit bandang huli siya ay naging abogado at hindi doktor). Gusto rin nilang ipakita sa akin ang U.P.-Manila (kahit na nga ayon kay Mommy, malayo ito sa ganda ng campus ng U.P.-Diliman kung saan naman siya nag-aral). Kasama sa agenda ang gumugol ng kaunting panahon sa National Museum of the Philippines (para naman sa ambisyon kong magpakadalubhasa sa arts). Ang mga exhibits sa National Art Gallery ay nahahati sa Philippine Art of the $17^{th}$-$20^{th}$ Centuries sa Level 2 (House Floor), at sa Modern and Contemporary Philippine Art of the $20^{th}$-$21^{st}$ Centuries sa Level 3 (Senate Hall). Bukambibig ni Mommy ang SPOLIARIUM na gawa ni Juan Luna y Novicio at isa sa pinakasikat na obra sa bansa…Totoo nga! Ito'y napakalaki't nakamamangha sa ganda! Makikita sa harapan nito ang El Asisenato del Gobernador Bustamante, ang pinakapamosong obra ng kaibigan ni Luna na si Felix Resurreccion Hidalgo. Sa ibang panig naman matatagpuan ang mga black-and-white pencil at ink sketches ng pinakaunang National Artist ng bansa na si Fernando C. Amorsolo. Nakahiwalay din ang mga gawa ng makabagong pintor na si Vicente S. Manansala, ang National Artist for Painting (1981). Naalala ko tuloy ang mangilang paintings na pinagawa ni Mommy sa isang contemporary artist na si Veronica "Verox" Ibarreta. Lahat ng ipinapakitang obra sa National Art Gallery ay pagpapatunay na ang talento at galing ng Pinoy ay hindi matatawaran at nararapat lamang na ipagmalaki sa buong mundo. Samantala, ang

gusaling tinaguriang Museum of the Filipino People ay nagpapakita ng pinagmulan ng bansang Pilipinas at ng lahing Filipino; ng arkeolohikal na yaman ng bansa (Kaban ng Lahi); ng pagkakaroon ng kalakalang pandagat sa bansa limangdaang taon bago pa dumating ang mga Kastila; at ng pagiging mayaman at natatangi ng kulturang Filipino. Ang Museum of the Filipino People ay isang buhay na larawan ng hubad na katotohanan ukol sa kasaysayan ng ating bansa at ng ating lahi.

Ang inakala kong biro-biro lamang na pagpapakadalubhasa sa arts ay siya palang magiging daan tungo sa pagkakaroon ko ng mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa ating kasaysayan at kultura. Mainam sana kung lahat ng kabataang tulad ko ay magkakaroon ng ganitong pagpapahalaga sapagkat naniniwala akong ito ay isang magandang simula sa pagsulong ng interes sa kultura at panitikang Filipino. Ating payabungin pa ang anumang ipinamana sa atin ng ating mga ninuno. Isabuhay natin at pagyamanin ang mga ginawa sa nakaraan ngunit nakalulugod na kaugalian, paniniwala at tradisyon. Huwag nating hayaang tuluyan tayong malunod sa agos ng pagbabago. Sana'y hindi pulos selfies at instagram ang pagkaabalahan natin. Sana'y mas gustuhin nating makiisa sa kalikasan at mamasyal sa naggagandahang lugar sa Pilipinas kaysa ang maglagi sa bars at inuman. Sana'y marapatin nating tikman ang mga delikasiya sa iba't ibang panig ng bansa kaysa sa mga ipinagbabawal na gamot. Sana'y hindi pawang shoutout sa Facebook at Twitter ang maisulat at maipamahagi natin. Sana'y sikapin din nating makabuo ng magandang awit o tula kaysa sa mga bashing sa social media.  Sapagkat, marahil ilang daang taon magmula ngayon, tayo naman ang magiging bida o kontrabida sa pinilakang tabing ng kasaysayan ng ating lahi. Ating tandaan at ibulalas: SUNGKITIN PABALIK ANG NAKALIPAS!